NEW MUSLIM
ACADEMY

# Ang Pinagmulan ng
# HAJJ



Ang Hajj, o ang "Pangunahing Paglalakbay sa Banal na lugar," ay isang pangunahing gawaing pagsamba sa Islam, na kilala bilang panglima sa pundasyon ng haligi ng Islam. Bawat Muslim na nasa wastong gulang na may pisikal at pinansyal na kakayahan na magsagawa ng Hajj, ay inutusan ng Allah na gawin ito. Maraming mga ritwal na isinasagawa sa panahon ng Hajj at karamihan sa kasaysayang ito ay maaaring balikan muli ang Sugo na si Propeta Abraham (AS) at kanyang anak, si Propeta Ishmael (AS). Si Propeta Abraham (AS) ay nanirahan sa Babylon , ang modernong Iraq. Pagkatapos na tanggihan ng mga tao ang kanyang panawagan sa Islam at ang eksklusibong pagsamba lamang sa Nag-iisang Tunay na Diyos, siya ay ipinatapon mula sa kanyang tinubuang-bayan. Sa panahon ito ng pandarayuhan ay nakilala ni Propeta Abraham (AS) ang ina ni Propeta Ishmael (AS), tinanggap siya sa kanyang pamilya, at si Propeta Ishmael (AS) ay isinilang. Pagkatapos ay inutusan ng Allah si Propeta Abraham (AS) na iwan ang kanyang bagong silang na anak at kanyang ina sa tigang na disyerto sa lambak ng Makkah.

Titingnan natin ang pinanggalingan ng Hajj sa kronolohikal na pagkakasunod-sunod na naganap sa panahon ng tatlong indibidwal na  ito, taliwas sa paraan ng pagsasagawa ng Hajj sa kasalukuyan.


# Ang Mabilis na Paglakad at Pag-inom ng Zamzam

Matapos na iwan ni Propeta Abraham (AS) si Propeta Ishmael (AS) at ang kanyang ina, ay tinawag ni Hajar (AR) si Abraham (AS), nagtatanong kung bakit niya sila iiwan. Si Propeta Abraham (AS) ay hindi tumugon. Tinanong ni Hajar (RA) kung ito ay utos sa kanya ng Allah, kung saan si Propeta Abraham ay tumugon na may pagsang-ayon. Sinabi ni Hajar (RA) na sa ganitong kaso siya ay dapat lumisan, dahil hindi sila pababayaan ng Allah.

Maya-maya pa, si Hajar (RA) ay naubusan ng kaunting pagkain at inumin na kanyang dala-dala. Walang tao sa paligid, walang mapagkukunan ng tubig at walang pagkain na makita. Nagsimulang umiyak si Ishmael (AS) dahil sa gutom. Nakita ni Hajar (RA) ang dalawang magkalapit na burol. Naisip niya na gagawa sila ng magagandang lugar kung saan makikita ang buong lambak at malamang, makakita ng tubig. Pinuntahan niya ang pinakamalapit na unang tinawag na Safa at inakyat ito. Nang walang makitang anuman, nagpasya siyang pumunta sa isa pa.

Mula sa kanyang kinatatayuan sa itaas ng Safa, ay kaya din niyang bantayan si Ishmael (AS) sa ibaba ng lambak, nguni't pagbaba niya mula sa Safa, ay hindi niya siya makita, kaya nagsimula siyang tumakbo hanggang sa muli siyang umakyat at siya ay makita. Ang pangalawang burol ay ang Marwa. Nilakbay ito ni Hajar ng pitong beses. Ito ang dahilan kung bakit ang mga manlalakbay sa kasalukuyan ay nagsasagawa ng tinatawag nating Mabilis na Paglalakad (Sa'i) sa pagitan ng dalawang burol na ito.

Sa ikapitong pagkakataon, ay nakita ni Hajar ang kaguluhan kung saan nakaupo si Propeta Ishmael (AS), at ang tubig ay bumubulwak mula sa malapit, na hinukay ng Angkanghel na si Gabriel.  Sinugod niya ito at nakita ang tubig. Inipon niya ang lupa sa paligid nito upang mapanatili at ipunin ito, sa takot na kaunti lang ang tubig dito. Ang bukal ng tubig ay ang Zamzam. Ito ay isang pinagpalang tubig, at ang  iniinom ng mga manlalakbay habang isinasagawa ang kanilang mga ritwal.



# Ang Ritwal na Pagsasakripisyo at Pagbabato

Nang lumaki si Propeta Ishmael (AS) at naging isang bata, si Propeta Abraham (AS) ay nanaginip na kinakatay niya ang kanyang mahal na anak na si Ishmael. Dahil ang mga panaginip ng mga Sugo ng Allah ay tunay na kapahayagan mula sa Allah, ay hinangad ni Propeta Abraham (AS) na tuparin ang panaginip na ito at sundin ang Kanyang Panginoon, sa kabila ng kanyang labis na pagmamahal sa kanyang anak. Sinabi ni Abraham (AS) kay Ishmael na kailangan niya siyang katayin. Si Ishmael (AS) ay sumuko sa kalooban ng Allah at sinabi sa kanyang ama na isakatuparan ang dapat niyang gawin. Dagdag pa nito, ay tiniyak niya sa kanyang ama na siya ay magtitiis at magtitiyaga.

**"O aking anak! Nakita ko sa isang panaginip na inalay kita bilang sakripisyo: ano ang iyong pananaw! Sinabi ng (kanyang anak): "O aking ama! Gawin mo ang iniutos sa iyo: makikita mo ako, kung nanaisin ng Allah, na may pagtitiis at pagiging matatag." (37:102)**

Dinala ni Propeta Abraham (AS) ang kanyang anak sa isang lugar na ilang milya ang layo na tinawag na Mina. Dito ginugugol ng mga manlalakbay ngayon ang karamihan ng kanilang oras sa panahon ng Hajj. Sa Mina, dating nagpakita si Satanas kay Propeta Abraham (AS) ng tatlong beses, sinasabi kay Propeta Abraham (AS) na dapat niyang iligtas ang buhay ng kanyang anak at suwayin ang Allah. Sa bawat pagkakataon, si Propeta Abraham (AS) ay namumulot ng mga bato at ibinabato kay Satanas, itinataboy siya palayo. Sa tatlong lugar na ito binabato ng mga manlalakbay ang tatlong haligi sa panahon ng Hajj.

Inilagay ni Propeta Abraham (AS) ang kanyang anak na si Ishmael (AS) sa sahig, itinaas ang kanyang kutsilyo at handa at nakatuon sa pagkatay sa kanya. Sa huling pagkakataon, Pinigilan ng Allah ang kanyang kamay at pinalitan si Ishmael (AS) ng isang tupa na kinatay. Kaya sa kasalukuyan, karamihan sa mga nagsasagawa ay nag-aalay ng isang ritwal na sakripisyo bilang bahagi ng ritwal ng kanilang Hajj.

"Kaya ng pareho nilang isinuko ang kanilang sarili (sa Allah), at pinadapa siya para isakripisyo, Tinawag namin siya 'O Abraham (AS)! Natupad mo na ang pangitain!' - sa gayon ay tunay na ginagantimpalaan Namin ang mga gumagawa ng mabuti. Dahil ito ay malinaw na isang pagsubok - At tinubos Namin siya ng isang napakahalagang sakripisyo." (37:103-107)

# Pagtatayo ng Ka'ba

Nang si Propeta Ishmael (AS) ay sumapit sa hustong gulang at nag-asawa, bumalik si Propeta Abraham (AS) bitbit ang isa pang utos mula sa Allah. Sa oras na ito, ay inutusan ng Allah si Propeta Abraham (AS) upang itayo ang istraktura ng Ka'ba, at kinailangan ni Propeta Abraham ang tulong ni Propeta Ishmael. Magkasama, itinayo ng mag-ama ang Ka'ba. Sa pagtaas ng istraktura, si Propeta Abraham ay gumamit ng isang bato para tumayo upang maabot ang mas mataas na bahagi. Ang batong ito ay kilala bilang istasyon ni Propeta Abraham (AS) , at ang mga manlalakbay ay ginagamit ito bilang isang palatandaan sa pag-aalay ng dalawang yunit na panalangin matapos umikot ng Ka'ba.

Sa buong gawaing pagtatayo, si Propeta Abraham at Ishmael (AS) ay parehong patuloy na nanawagan sa Allah at hiniling sa Kanya na tanggapin ang kanilang pagsisikap. Nang matapos ang istraktura, itinalaga ng Allah na ang Kanyang Bahay na ito ay isang lugar ng pagsamba na dapat panatilihing malinis at dalisay. Kaya, ang pag-ikot ng Ka'ba (Tawaf) ay naging isang mahalagang bahagi ng ritwal ng Hajj

Gaya ng iyong nakikita, marami sa mga pangunahing ritwal na kasama sa pagsasagawa ng Hajj ay maaaring balikan muli sa kasaysayan ng tatlong kamangha-manghang mga indibidwal na ito, ang Sugo na si Abraham at Ishmael (AS), at ang ina ni Ishmael , si Hajar (RA). Gantimpalaan nawa sila ng Allah, pangalagaan sila, at pagpalain sila sa kanilang dedikasyon at sakripisyo. Aameen

SCAN ME

